KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO
(KASUGUFIL)

202 Rosario Street, Mapulang Lupa, Valenzuela, Metro Manila
Telepono: 0928-754-8418 / 0977-499-1386

SEC. REG. NO. 201116264
TIN 008-125-231-000

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHLPOST
BF4FD5D 685282
PB74153 09.02.2016
Manila Central P.O.Man

DepEd Region IV-A
DIRECTOR'S OFFICE
RECEIVED
FEB 15 2016
By: Time:

PAMUNUAN
2014-2018

GLORIA I. ALDAY
Pangulo

ANA MARIA S. CABUHAT
Kawaksi ng Pangulo

CRISTINA S. CHIOCO
Pangalawang Pangulo

YOLANDA V. GILBUENA
Pansamantalang Kalihim

SANDOR B. ABAD
Ingat-Yaman

FEDERICO L. REYNO
Katuwang ng Ingat-Yaman

MARCELLI G. MACOB
Tagasuri

CELESTINO S. DALUMPINES III
Tagapagbalita

EDWIN F. ALBAY
Tagapamahala ng Proyekto

VILMA P. DASMARINAS
Tagapamayapa

Kalupunan ng mga Direktor

SAADA J. TUBING
LOURDES C. MANLAPUS
MA. JANE M. ROYONG

Tagapayo

ROBERTO T. AÑONUEVO

Pandangal na Tagapayo

VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo, KWF

18 Enero 2016

KGG.DIOSDADO M. SAN ANTONIO Ph.D.
Direktor Panrehiyunal
DepEd Rehiyon IV-A (CALABARZON)
Gate 2, Karangalan Village
Cainta,Rizal

To: SDS
For your appropriate action / please. Thanks. God Bless!

Mahal na Direktor San Antonio,

Mainit na pagbati!

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), isang samahang pangwika ay magsasagawa ng **Ikapitong Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino para sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya** sa 1***9-22 Abril 2016*** sa Teachers Camp (Senior Mess) Lungsod Baguio (**DepEd Advisory Blg. 372, s.2015).**

Ang halaga ng rehistrasyon ay Tatlong Libo at Siyam na Daang Piso (Php 3,900.00) na gugugulin para sa pagkain, tirahan, *venue, hand-out, t-shirt, training bag, honorarium* ng mga tagapanayam at iba pang gastusin sa pagsasakatuparan ng kongreso *at membership fee* na karagdagang isandaang piso (Php 100.00) para sa mga bagong kasapi at dalawampung piso (P20.00) na butaw sa mga dating kasapi.

Ang mga dadalo ay inaasahang darating sa Teachers Camp, Lungsod Baguio sa umaga ng Martes, 19 Abril 2016. Ang unang pagkain ay ihahain sa pananghalian ng nabanggit na araw. Samantala ang mga gawain ay magtatapos sa tanghali ng Biyernes, 22 Abril 2016, at ang huling pagkaing ihahain ay pananghalian ng nasabing petsa.

Ang mga gurong kasapi ng KASUGUFIL na kinilala ng mga pampublikong ahensiya tulad ng KWF, NCCA at iba pa gayundin sa kani-kanilang rehiyon bilang natatanging guro sa Filipino para sa taong 2015 ay pahahalagahan at pagkakalooban ng samahan ng Pambansang Gawad ng KASUGUFIL sa gabi ng Gawad Parangal,21 Abril 2016.

Hinihikayat ang mga dadalo sa Kongreso na magpadala ng isang kinatawan lamang mula sa kani-kanilang rehiyon para sa paligsahan ng Pinakamaganda Rehiyunal na Kasuotan at Hari at Reyna ng Kundiman na itatampok sa gabi ng sosyalisasyon 19 Abril 2016. Ang kinatawan para sa Hari at Reyna ng Kundiman ay malayang pumili ng isang pyesang kaniyang aawitin ngunit ang lahat ng kalahok ay aawit ng pyesang **Ikaw ay Akin sa areglo ni Mike Velarde.**

Para sa maayos na daloy ng rehistrasyon maaring magpatala nang maaga ang mga dadalo at ang kabayaran ay ideposito sa bangko ng samahan sa **BPI North Edsa** Branch na may numero **na 004433-0748-53** at ang kopya ng deposit slip ay ipadadala sa email address na **anniescabuhat@gmail.com.**

Kaugnay nito, kagalakan namin kayong anyayahang dumalo sa nasabing Kongreso upang maging kaisa namin sa pagtupad ng layunin nito ---- ang mapataas ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

Matapat na sumasainyo,

GLORIA I. ALDAY
Pangulo

DepEd Region IV-A
ICT Unit
RECEIVED
7350
Date: 2.14.16 By:

kalakip : DepEd Advisory Blg 372,s2015/tentatibong programa

IKAPITONG PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA

TEMA : ***Pinagyamang Kaalaman sa Pagtatamo ng Iba't Ibang Literasi sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya,Sekundarya at Senior High School***

19 -22 Abril 2016

Teachers Camp (Senior Mess), Lungsod Baguio

TENTATIBONG PROGRAMA

ORAS	UNANG ARAW: 19 Abril 2016	IKALAWANG ARAW:20 Abril 2016	IKATLONG ARAW 21Abril 2016	IKAAPAT NA ARAW:22 Abril 2016
MGA NAMAMAHALA	**DR. FLORIAN RUIZ** **GNG. ROSARIE CARLOS**	**DR. JERSON TURALDE** **BB. MARY ANN LIGSAY**	**DR. LOLITA MONDEJAR** **G. CHARLIE ESTRELLA**	
7:00 -08:00 n.u.				**MISA NG PASASALAMAT**
8:00-10:30 n.u.	PAGDATING AT PAGPAPATALA NG MGA KALAHOK	**SESYON 2 :** **KAPAKI-PAKINABANG NA LITERASI : SALAMIN NG PAGTUTURO NG FILIPINO SA PROGRAMANG K-12**	**SESYON 5 :** **PANITIKAN NOONG PANAHON NG MGA BULONG .....TULANG PANUDYO AT PANITIKAN NGAYON NG HUGOT LINES AT TUGMAAN SA TREN: IMPLIKASYON SA PAGTUTURO NG FILIPINO GAMIT ANG IBA'T IBANG TEKNIK AT ESTRATEHIYA PARA SA PAMANTAYAN SA PAGGANAP**	**PAMPINID NA PALATUNTUNAN** - **PAGBASA NG EBALWASYON AT RESOLUSYON** - **IMPRESYON NG MGA KALAHOK (LUZON,VISAYAS,MINDANAO)** - **PAGGAWAD NG SERTIPIKO (PAGDALO AT PAGLAHOK)**
10:00-10:15 n.u,		**MERYENDA**	**MERYENDA**	
10:15n.u.-12:00 n,t,		**SESYON 3 :** **INTERGRASYON NG MEDIA LITERASI SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ELEMEN-TARYA, SEKUNDARYA AT SENIOR HAISKUL**	**SESYON 6 :** **UGNAYANG GRAMATIKA AT RETORIKA KAAGAPAY NG IBA'T IBANG LITERASI**	
12:00 - 1:00 n.t.	**PANANGHALIAN**	**PANANGHALIAN**	**PANANGHALIAN**	MALIGAYA AT LIGTAS NA PAGLALAKBAY
1:30 – :00 n.h,	**PAMBUKAS NA PALATUNTUNAN**	**SESYON 4:** **KULTURAL NA LITERASI SA PAGPAPAHALAGA AT PAGSUSURING PAMPANITIKAN**	**SESYON 7:** **PAKITANG - TURO**	
3:00 - 3:15 n.h.	**MERYENDA**	**MERYENDA**	**MERYENDA**	
3:15 - 5:00 n.h,	**SESYON 1 :**			
	RISK & DISASTER REDUCTION MANAGEMENT	**WORKSYAP PARA SA SESYON I AT 2**		
04:00 n.h.-06:00 n.g,			**PAGKAKALOOB NG GAWAD PARANGAL**	
5:00 n.h. – 6:00 n.g,	**HAPUNAN**	**HAPUNAN**	**HAPUNAN**	
.6:30 n.g, - 9:00 n.g,	**SOSYALISASYON** (Pagpili ng Hari at Reyna ng Kundiman) (Pagpili ng Pinakamagandang Rehiyunal na Kasuotan)	**SEREMONYA SA PAGTANGGAP NG MGA BAGONG KASAPI**	**GABI NG MGA SUPERBISOR**	
7:00 – 9:00 n.g,				

MGA INAASAHANG TAGAPANAYAM

Prof. Felipe de Leon N.A.
Tagapangulo
Pambansang Komisyon ng Kultura
at mga Sining

Kgg. Diwa C. Guinigundo
Pangalawang Gobernador
Bangko Sentral ng Filipinas

Dr. Mahar Lagmay
Direktor, PAGASA

Bb. Malou Mangahas
Brodkaster/Journalist
GMA News Channel

G. Atom Araullo
Brodkaster/Journalist
Kapamilya Network

Dr. Jun D. Tuguinayo Jr.
Supervising Education Program Specialist,
BSE, DepEd Central Office

Dr. Vina Paz
Professor,Unibersidad ng Filipinas

Prof. Magdalena O. Jocson
Kolehiyo ng San Beda, Maynila

G. Salvador Biglaen
Dalubhasaang Miriam

G. Michael Jude Tumamac
RAYAS School

DepEd Advisory No. 372, s. 2015
December 28, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKAPITONG PAMBANSANG KONGRESO SA WIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO (KASUGUFIL)

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng *Ikapitong Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino* na may temang *Pinayamang Kaalaman sa Pagtatamo ng Iba't Ibang Literasi sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekundarya at Senior High School* sa Abril 19 hanggang 22, 2016 sa Baguio Teachers Camp (Senior Mess), Lungsod Baguio.

Ang layunin ng Kongreso ay ang mga sumusunod:

1. mabigyang halaga ang mga kapaki-pakinabang na mga literasi bilang salamin ng pagtuturo sa Filipino;
2. matalakay ang paraan ng integrasyon ng media literasi sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekundarya, at Senior High School;
3. maiugnay ang cultural literasi sa pagpapahalaga at pagsusuring pampanitikan; at
4. masuri ang tula noon at ngayon gamit ang iba't ibang teknik at estratehiya para sa pamantayan ng pagganap.

Ang inaanyayahang dumalo sa Kongreso ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapanguno o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa mga paaralang publiko at pribado sa antas elementarya, sekundarya at Senior High School.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Gloria I. Alday
  Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
  Mobile Phone: 0928-754-8418; 0977-499-1386

- Bb. Sandor B. Abad
  Telepono: (02) 736-2525 local 107
  Mobile Phone: 0908-697-8491

Alma/DA ikapitong pambansang kongreso sa filipino
0811-December 17/23, 2015

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA IKA-PITONG PAMBANSANG KONGRESO SA WIKANG FILIPINO PARA SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA, SEKUNDARYA, AT SENIOR HIGH SCHOOL NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO NA GAGANAPIN SA IKA-19-22 NG ABRIL 2016 SA TEACHERS CAMP (JUNIOR MESS), LUNGSOD BAGUIO**

PETSA : Ika-16 ng Disyembre taong 2015

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na ini-endorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang aktibidad na ito ay dadaluhan ng mga panrehiyon at pansangay na superbisor, punong-guro, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran, guro, mga administrador, at lahat ng tagapagtaguyod ng wikang Filipino.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103.*

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan kanilang telepono sa bilang na 09287548418/09774991386/ 7362525 loc. 107 o sa kanilang e-mail address sandoraabad1210@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

12-0016-0061_KASUGUFIL _2015